

Dumating na ang unang kargamento ng mga gamot para sa mga bata

Enero 18, 2023

Ang unang kargamento ng likidong acetaminophen ng mga bata ng Alberta ay dumating na at ipapamahagi kaagad sa mga ospital sa buong lalawigan.



Sinalubong ni Diputadong Premier Nathan Neudorf, Myron Keehn, CEO ng Internasyonal na Paliparan ng Edmonton (Edmonton International Airport) at Ministro ng Kalusugan Jason Copping ang flight na nagdadala ng unang kargamento ng mga gamot sa pananakit ng mga bata sa Internasyonal na Paliparan ng Edmonton.

Ang kargamentong ito ng 250,000 na mga bote ay magpapalakas ng suplay sa mga ospital sa lalawigan, na tinitiyak na hindi maaantala ang pagkuha sa gamot at ang mga bata na ginagamot sa lugar ay makakakuha ng ginhawa sa sakit at lagnat na kailangan nila.

Upang makatanggap ng pag-apruba ng Health Canada, ang tagagawa ay kinakailangang magsumite ng panukalang nagbabalangkas ng impormasyon sa kalidad, kaligtasan at pagpapakete ng produkto ng gamot. Sinuri ng Health Canada ang panukala at humiling ng karagdagang impormasyon pati na rin ang ilang pagbabago upang matugunan ang mga kinakailangan sa regulasyon ng Canada. Isa sa mga pagbabagong ito ay ang pangangailangan na magdagdag ng mga takip sa mga bote na hindi nabubuksan ng bata para sa suplay sa pagtitinging paggamit.

Sa pansamantala, ang isang paunang kargamento ay naaprubahan para lamang sa paggamit sa ospital, dahil ang mga takip na hindi nabubuksan ng bata ay hindi isang kinakailangan sa regulasyon kapag ang gamot ay pinangangasiwaan ng mga medikal na propesyonal sa isang ospital. Bilang resulta, sa halip na hintayin ang kabuuang kargamento, pinili ng pamahalaan ng Alberta na tumanggap ng unang kargamento na may mga gamot para sa paggamit sa ospital.

Ang panghuling kinakailangan para sa mga takip na hindi nabubuksan ng bata ay natugunan at ibinigay ng tagapagmanupaktura ang lahat ng impormasyon na hiniling ng Health Canada. Hinihintay na ngayon ng pamahalaan ng Alberta ang pag-apruba ng Health Canada sa natitirang 4.75 milyong mga bote para sa pagtitinging pagbenta sa buong lalawigan, gayundin ang mga magulang at mga tagapag-alaga ng Alberta.

Kapag natanggap, ang mga gamot ay ibibigay sa mga botika para ibenta sa mga presyo na naaayon sa karaniwang presyo ng tingi. Ang pamahalaan ay nagbabayad ng isang maliit na premium sa inaasahang presyo ng tingi upang masiguro ang mga gamot na ito sa panahon na nagkaroon ng mga pandaigdigang kakulangan. Ilalabas ang buong halaga kapag naaprubahan ng Health Canada ang gamot.

Multimedia

- [Audio: Sipi mula kay Ministro Copping](#)
- [Mga larawan ng pagdating ng kargamento](#)